



PAHINA NG KATOTOHANAN

SAFEWORK NSW

ANG MGA PANGUNAHING KAALAMAN: ANG INYONG MGA KARAPATAN SA TRABAHO

ANG MGA BATAS TUNGKOL SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN SA TRABAHO SA AUSTRALYA

Kung kayo ay may hawak na “temporary working visa”, isang permanenteng naninirahan, o isang mamamayang Australyano, kayo ay nasasakupan ng mga batas sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho na nauukol sa lahat ng nasa Australya.

Bilang isang nagtatrabaho sa Australya, kayo ay may mga karapatan.

ANG KARAPATAN NA MATURUAN KUNG PAANO MAKAPAGTRABAHO NG LIGTAS

Kung magsisimula kayo sa isang tabaho, dapat ay:

- maipakita sa inyo kung paano gumamit ng anumang mga kagamitan na iyong paaandarin
- bigyan ng pagsasanay sa ligtas na paggamit ng mga kagamitan
- Mabigyan ng kagamitang pangkaligtasan na babagay sa inyong trabaho. Ito ay tinatawag na “personal protective equipment” (PPE). Ang PPE ay kailangang nasa mahusay na kondisyon at kailangang alam ninyo kung paaano gamitin at isuot ito.
- maipakita ang lugar ng trabaho, kasama na ang mga daanang pasukan at labasan, mga

mapagkukunan ng mga gamit at mga lugar ng pang-unang lunas

- masabihan tungkol sa mga pamamaraan kapag may dagliang paglisan
- ipakilala sa iyong agarang superbisor, kinatawan sa kalusugan at kaligtasan at mga taong magiging kasamahan sa trabaho
- masabihan tungkol sa mga patakaran sa kaligtasan at mga pamamaraang ipinatutupad, kabilang ang kung paano mag-uulat sa mga problema o kapinsalaan
- linawin ang katungkulan at ginagampanan ng bawat isa para sa kaligtasan sa lugar ng trabaho.

Ang tawag nito ay pagtatalaga ng tungkulin sa lugar ng trabaho (workplace induction). Kung hindi kayo nakakatiyak tungkol sa isang bagay habang nasa “induction” o habang nagtatrabaho, magpatulong sa inyong superbisor. Kung kayo ay may pag-aalala pa, maaaring makatulong ang kinatawan sa kalusugan at kaligtasan (HSR).

ANG KARAPATAN SA MALAYANG PAGSASALITA

Kung kayo ay hindi nakatitiyak kung paano gagawin nang ligtas ang isang bagay, humingi ng tulong sa inyong superbisor o magpasanay. Kung kayo ay nag-aalala tungkol sa isang usaping pangkalusugan at pangkaligtasan, makipag-usap sa inyong superbisor o HSR. Kung di kayo masaya sa kanilang naging tugon, tumawag sa SafeWork NSW sa 13 10 50. Maaari kayong humingi

ng tulong ng isang interpreter upang matulungan kayo na makipagtalakayan.

Para sa suporta sa kalusugan sa pag-iisip, tumawag sa:

- Lifeline 13 11 14
- Beyond Blue 1300 224 636

ANG KARAPATANG TUMANGGI SA DI-LIGTAS NA TRABAHO

Mayroon kayong karapatan na umayaw sa mga di-ligtas na trabaho. Kung kayo ay pagtatrabahuin nang sa akala ninyo ay di-ligtas, huminto at pag-usapan ito sa superbisor o HSR.

ANG KARAPATAN NA MAKAPAGKON- SULTAHAN

Ang pagkokonsultahan ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na makisali at makibahagi ng impormasyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho.

ANG KARAPATAN SA PAGKAKARON NG “WORKERS COMPENSATION” (KABAYARAN KUNG NAGKAPINSALA SA TRABAHO)

Ang inyong taga-empleyo ay dapat nakaseguro (insured) para kung kayo ay nagkapinsala sa trabaho, maipapagamot kayo at mabayaran ang pagliliban ninyo sa trabaho. Ang tawag nito ay “workers

compensation insurance". Kung kayo ay nagkapinsala kailangang magsalang ng paghahabol para sa "workers compensation" sa pamamagitan ng inyong taga-empleyo.

Alamin kung paano magsalang ng paghahabol o tumawag sa Workers Independent Review Office (WIRO) (Tanggapan ng mga Manggagawang Malayang Nagrerepaso) sa 13 94 76.

ANG KARAPATAN SA WALANG DAYAAN AT MAKATARUNGANG LUGAR NG TRABAHO

Kayo ay may karapatang hindi inaapi (bullied) sa trabaho. Ang "bullying" ay isang paulit-ulit at di-makatarungang pag-aasal sa isang trabahador or pangkat ng mga trabahador. Kung hindi kayo tiyak, humingi ng payo sa isang tao na walang kinikilingan o kinakampihan, may kaalaman sa mga mapagpipiliang gagawin at mapagkakatiwalaan ninyo. Maaaring kasama rito ang isang pinagtitiwalaang superbisor, manager o kinatawan ng kalusugan at kaligtasan (HSR). O kumuha ng dadag na impormasyon mula sa this guide. Kung hindi ito magagawa, maaari ninyo kaming tawagan para magreklamo.

Kung inaakala ninyo na kayo ay inaapi dahil sa diskriminasyon (katulad ng inyong kasarian, lahi o relihiyon), maaari itong isang paglabag sa karapatang pantao o batas sa pagkakapantay-pantay ng pagkakataon.

Maaari kayong:

- Bumisita sa website ng Human Rights Commission
- o makipag-usap sa anti-discrimination board ng inyong estado o teritoryo

ANG KARAPATAN SA TAMANG PASAHOD AT PAGLIBAN

Untuk mendapatkan penerangan tentang kadar gaji, hubungi Fair Work Ombudsman (Ombudsman Gaji Adil), di nombor telefon 13 13 94. Maaari kayong humingi ng tagasalinwika sa 13 14 50.

ANG INYONG MGA PANGKALIGTASANG RESPONSABILIDAD SA TRABAHO

Bilang isang trabahador, kinakailangang alagaan ang sarili at huwag gumawa ng anumang maaaring makasira sa kalusugan at kaligtasan ng mga katrabaho.

Kailangang sundin ang mga nararapat na tagubilin sa kalusugan at kaligtasan mula sa taga-empleyo. Mahalaga na kayo ay:

- magtanong kung hindi nakatitiyak na magawa nang ligtas ang isang trabaho
- sumunod sa mga tagubilin at magtrabaho nang ligtas
- iulat ang mga di-ligtas at nakasisira sa kalusugan na sitwasyon at mga pagkapinsala sa agarang superbisor.

Tandaan na ang mga HSRs ang tagapagsalita tungkol sa mga usaping pangkalusugan at pangkaligtasan ng isang pangkat ng mga trabahador at maaaring makipag-usap sa taga-empleyo para iyo. Kung kayo ay nagtatrabaho sa pamamagitan ng isang samahang nagpapasanay o ahensyang nagpapa-empleyo ng mga trabahador, maaari rin kayong mag-ulat sa kanila tungkol sa mga problema sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho.

ANG MGA TUNGKULIN NG INYONG TAGA-EMPLEYO

Ang inyong taga-empleyo ay kailangang magbigay:

- ng isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho, tandaan na kasama sa kalusugan ang tungkol sa pag-iisip at pangangatawan
- ligtas na mga kagamitan, gusali at mga sistema ng pagtatrabaho
- sapat na mga kagamitan at pasilidad sa lugar ng trabaho
- impormasyon sa pagtatalaga sa trabaho, kasanayan at superbisyon
- ang pagkakataon na mapag-uusapan ang tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho.

MAKAKATULONG KAMI

Ang SafeWork NSW ang nagpapatupad sa mga patakaran sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho sa NSW. Responsabilidad namin na magbigay ng aral, matiyak ang pagkakapantay sa batas tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho sa NSW

Para sa dadag na impormasyon, tumawag sa 13 10 50 o bumisita sa www.safework.nsw.gov.au.

Pagtatatwa

Ang paglalathalang ito ay maaaring naglalaman ng impormasyon tungkol sa regulasyon at pamamalakad ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho ng NSW. Maaaring kasama rito ang mga obligasyon ninyo sa ilalim ng ilang batas na ipinapatupad ng SafeWork NSW. Upang makatiyak na tumutupad kayo sa mga ligal na obligasyon, basahin ang nararapat na batas.

Ang impormasyon sa mga pinakabagong batas ay maaaring matunghayan sa pamamagitan ng pagbisita sa "website" tungkol sa batas ng NSW www.legislation.nsw.gov.au

Ang paglalathalang ito ay hindi kompletong pahayag ng batas sa isang partikular na problema o mga tao o bilang kapalit ng payong legal. Kailangan kumuha ng natatanging panligal na pagpapayo para sa partikular na kaso ninyo.

Ang materyal na ito ay maaaring ipakita, iprinta at ipakopya na walang pagkaamenda para sa personal, pang-opisina o di-pangkomersyong gamit.

Catalogue No. SW08146
SafeWork NSW, 92-100 Donnison Street,
Gosford, NSW 2250
Locked Bag 2906, Lisarow, NSW 2252
Customer Experience 13 10 50
Website www.safework.nsw.gov.au
© Copyright SafeWork NSW 0719